

**1 Juan 4:7-10**

Mga minamahal, mag-ibigan tayo sapagkat mula sa Diyos ang pag-ibig. Ang bawat umiibig ay anak ng Diyos, at kumikilala sa Diyos. <sup>8</sup>Ang hindi umiibig ay hindi kumikilala sa Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig. <sup>9</sup>Inihayag ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang suguin niya ang kanyang bugtong na Anak upang magkaroon tayo ng buhay sa pamamagitan niya. <sup>10</sup>Ito ang pag-ibig: hindi sa inibig natin ang Diyos kundi tayo ang inibig niya at sinugo ang kanyang Anak upang maging handog sa ikapagpapatawad ng ating mga kasalanan.

**Panimula**

1. Anu-ano ang nagiging kahulugan ng “pag-ibig” sa panahon natin ngayon? Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit nalalayo ang pagkaunawa sa “pag-ibig” ng maraming tao?

*Malaki ang impluwensya ng media tulad ng TV, radyo at Internet sa paghubog sa ating kaisipan tungkol sa pag-ibig. Ngunit ito ay unti-unting lumalayo sa tunay na kahulugan ng pag-ibig. Ito ay dahil marami ang hindi na tunay na nakakakilala sa Diyos. Dapat nating hayaan ang Salita ng Diyos ang humubog sa atin upang mas maunawaan natin ito. Ang ating Diyos ay pag-ibig.*

**Talakayan**

- Basahin ang 1 Juan 4:7-21. Ano ang pangunahing ipinag-uutos ni apostol Juan sa mga mananampalataya (v. 7)? Anu-anong mga dahilan ang binanggit niya kung bakit natin dapat ibigin ang ating kapatid kay Cristo (vv. 7-8, 11)?
- Sa mga dahilang ito, binanggit niya na “ang Diyos ay pag-ibig” (vv. 8, 16). Ano ang pagkakaiba ng “ang Diyos ay pag-ibig” sa “ang Diyos ay mapagmahal”?<sup>1</sup> Ano ang nais tumbukin ni Juan sa pamamagitan nito?
- Kung ang isang tao ay hindi umiibig sa kanyang kapatid, ano ang ipinapakita nito tungkol sa kanyang pagkakakilala sa Diyos (v. 8)? Bakit?

<sup>1</sup> **Tanong 3.** Kapag sinabing “ang Diyos ay mapagmahal” ito ay pagsasalarawan lamang ng katangian ng Diyos. Ngunit kung sasabihing “ang Diyos ay pag-ibig” ipinapakita nito na ang pag-ibig ay isang napakahalagang katangian ng Diyos. Lahat ng tunay na pag-ibig ay galing lamang sa Diyos. Lahat ng gagawin ng Diyos ay dahil sa pag-ibig (sa kanyang sariling pangalan at sa kanyang mga anak). Inihihwalay nito ang Diyos sa tao. Maaari din nating sabihin sa ibang tao na sila ay mapagmahal ngunit di natin kailanman masasabi sa iba na sila ay “pag-ibig.” Ito ay totoo para sa Diyos lamang.

5. Ayon sa vv. 9-10, ano ang pinakamalaking pagpapakita ng pag-ibig ng Diyos sa atin? Bakit ito matatawag na pag-ibig?<sup>2</sup>

6. Bukod dito, mayroon pa bang hihigit na patunay ng pag-ibig ng Diyos? Bakit para sa iba sa atin mas tinitingnan natin na ang pera, kalusugan, trabaho o pamilya ang malaking bunga ng pag-ibig ng Diyos sa atin?

7. Ayon sa v. 10 at v. 19, ano ang tama: Inibig ba tayo ng Diyos dahil inibig natin siya? O inibig natin ang Diyos dahil inibig niya tayo? Bakit? Ano ang pagkakaiba ng dalawang ito?

8. Bakit tinawag ni Juan na “sinungaling” ang isang taong nagsasabing mahal niya ang Diyos ngunit napopoot naman sa kanyang kapatid (vv. 20-21)?

**Pagsasabuhay**

9. Mag-isip ng isang taong maaaring nakagalit mo o kaya’y nahihirapan kang mahal. Paano makakatulong sa iyo na malaman na “ang Diyos ay pag-ibig” upang maipakita mo ang pag-ibig mo sa iyong kapatid?

10. Anong kongkretong hakbang ang gagawin mo sa susunod na mga araw upang maipadama mo sa iyong kapatid ang iyong pag-ibig at, lalung-lalo na, ang pag-ibig ng Diyos?

11. Sama-samang sauluhin ang 1 Juan 4:7-8. Pagkatapos ay ipanalangin ang bawat isa na mas maunawaan ang laki ng pag-ibig ng Diyos upang maging mapagmahal din naman na katulad niya.

<sup>2</sup> **Tanong 5.** Ang pinakamalaking patunay na “ang Diyos ay pag-ibig” ay ang pagkakaloob niya ng kanyang nag-iisang Anak na si Jesus para tayo ay magkaroon ng buhay sa pamamagitan niya. Ito ay pag-ibig dahil ang buhay na ito ay walang iba kung ang makilala natin ang Diyos (Juan 17:3). Namatay si Cristo upang ilapit tayo sa Diyos (1 Pedro 3:18). Ito ay pag-ibig dahil ibinigay ng Diyos ang pinakamalaking bagay na kailangan natin upang magkaroon ng tunay na kagalakan. Ano ito? Walang iba kundi ang ating Diyos mismo!